Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG DI-KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-23 NG OKTUBRE, 1998, ARAW NG BIYERNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

**KGG. HEIDI S. CIRIACO.................... PANG. PUNONG BAYAN**
**Tagapangulo**

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr........................ Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ...................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez........................ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison........................... Kagawad
Kgg. Louie C. De Leon........................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............................ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca............................ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan............. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor.......................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco.......................... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 148 T'98 - E

KAPASIYAHANG IDINI-DEKLARA ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA NASA "STATE OF CALAMITY" SANHI NG PANANALASA NG BAGYONG "LOLENG".

SAPAGKA'T, ang pananalasa ng bagyong "Loleng" upang ideklara ang Rehiyon IV, kabilang ang Lalawigan ng Laguna bilang signal no. 3 ay nagdulot ng [redacted]ha at pagtaas ng tubig sa mga barangay na nakabalantay sa lawa, maging sa tabi ng ilog na sakop ng bayang ito;

SAPAGKA'T, bunga ng ganitong kalagayan, marami ang mga nailikas sa mga itinalagang "evacuation centers", kabilang ang may 3,659 na mga mamamayan mula sa 970 pamilya na kasalukuyang apektado at maaaring madagdagan pa dahilan sa patuloy na paglaki at pagtaas ng tubig sa ilog at lawa;

SAPAGKA'T, bukod sa kalagayang ito ang kalakhan ng mga lupang pansakahan ay lubog sa tubig na nagdala na malabis na pagkasira ng mga pananim na palay at pagkaputol ng mga puno ng niyog at bungang kahoy;

SAPAGKA'T, malaking hirap sa mga mamamayan ang lumabas ng kanilang mga bahay at harapin ang kanilang kabuhayan dahilan sa pagkasira ng mga lansangan na dala ng pagbagsak ng mga transformer at kawad ng kuryente;

SAPAGKA'T, ang patuloy na paglaki at pagtaas ng tubig ay isang malaking pangamba upang agad na ibalik ang normal na takbo ng kanilang kabuhayan;

SAPAGKA'T, nakasaad sa Memorandum Order 04 mula sa National Disaster Coordinating Council na may petsa ika-4 ng Marso, 1998 na ang Pangulo ng Bansa at ang Lokal na Sanggunian ay may kapangyarihang magdeklara ng isang lugar na nasa "state of calamity" ayon sa laki ng kapinsalaan;

KUNG KAYA'T , DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na ideklara ang Bayan ng Santa Cruz, Lalawigan ng Laguna na nasa "state of calamity" sanhi ng pananalasa ng bagyong "Loleng".

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Legal Officer, lahat sa bayang ito at mga may kinalamang tanggapan para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

Pinatutunayan kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:
HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTITIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED